EduHeart Knowledge Network and Publishing, Inc.

Asian Research Journal of Education, 2025
E-ISSN: 3028-0842
P-ISSN: 3028-0834
Vol. 2 No. 4

# Pagtuklas Sa Kasanayang Ortograpiya Ng Mga Mag-Aaral Ng Senior High School Tungo Sa Mahusay Na Pagsulat Ng Sanaysay

***Ni: Reymundo T. Redublo***
***Department of Education***
Emmanuel Resurreccion Congressional Integrated High School
*reymundojr.redublo@deped.gov.ph*

**ABSTRACT**

*Ang pag-aaral na ito ay naglalayong suriin ang kaugnayan ng paggamit ng Ortograpiyang Filipino sa kahusayan ng mga mag-aaral sa Senior High School sa pagsulat ng sanaysay. Ginamit ang kwalitatibong disenyo ng pananaliksik upang higit na maunawaan ang mga karanasan, pananaw, at estratehiya ng mga kalahok. Pitong (7) mag-aaral at tatlong (3) guro mula sa tatlong magkakaibang standalone Senior High School ang naging kalahok ng pag-aaral. Ang datos ay nakalap sa pamamagitan ng masusing panayam at pagsusuri ng mga nakuhang sanaysay. Batay sa pagsusuri, natukoy na mahalagang salik ang malinaw na pagtuturo at tuloy-tuloy na fidbak upang mahasa ang kasanayan ng mga magaaral sa paggamit ng ortograpiya. Lumabas din na nakatutulong ang integrasyon ng makabagong estratehiya at interaktibong gawain gaya ng larong pangwika, puzzle, at teknolohiya sa pagpapalalim ng kasanayan sa pagbabaybay at paggamit ng bantas. Dagdag pa rito, lumitaw ang kahalagahan ng metakognitibong estratehiya tulad ng self-editing at pagsusuri ng kamalaian na nagpapalakas ng kamalayan ng mag-aaral sa kanilang pagkakamali. Naging makabuluhan din ang paggamit ng L1–L2 contrastive analysis sa pagtuturo, dahil nakatulong itong maiwasan ang transfer errors mula sa unang wika ng mga magaaral. Higit sa lahat, binigyang-diin ng mga guro ang kahalagahan ng motibasyon at ng pagkakaroon ng kultura ng pagsusulat upang lubusang mapahalagahan ang wastong paggamit ng ortograpiya. Ipinapakita ng mga natuklasan na ang wastong paggamit ng ortograpiya ay hindi lamang teknikal na kasanayan, kundi bahagi ng mas malalim na proseso ng pagkatuto na kinapapalooban ng tamang estratehiya, makabagong pamamaraan, at positibong saloobin. Ang resulta ng pag-aaral ay maaaring magsilbing batayan sa pagbuo ng mga programang pang-akademiko at interbensyon upang higit na mapalakas ang kahusayan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng sanaysay.*

***Mga Susing Salita: ortograpiya, sanaysay, estratehiya sa pagtuturo***

## Panimula

Ang kasanayan sa wastong paggamit ng ortograpiya ay isa sa mga batayang kakayahang dapat taglayin ng mga mag-aaral sa larangan ng wika at komunikasyon. Ang ortograpiya, na sumasaklaw sa tamang pagbabaybay, paggamit ng bantas, at maayos na pagbuo ng pangungusap, ay nagsisilbing pundasyon ng mahusay na pagsulat. Sa pamamagitan nito, naipapahayag ng mga mag-aaral ang kanilang kaisipan nang malinaw, organisado, at may bisa. Sa konteksto ng edukasyon sa Senior High School, ang mataas na antas ng kasanayan sa ortograpiya ay hindi lamang teknikal na kasanayan kundi isa ring pagsasanay sa disiplina, lohikal na pag-iisip, at epektibong komunikasyon sa akademikong antas.

Asian Research Journal of Education, 2025
E-ISSN: 3028-0842
P-ISSN: 3028-0834
Vol. 2 No. 4

Sa kabila ng kahalagahan nito, marami pa ring mag-aaral ang nakararanas ng suliranin sa wastong paggamit ng ortograpiya sa kanilang mga sulatin. Kadalasan, nagiging hadlang ang mga pagkakamali sa bantas, maling baybay, at hindi maayos na istruktura ng pangungusap sa pagiging malinaw at makabuluhan ng kanilang sanaysay. Ayon kina Apuhin et al. (2023), "Comma is the most frequent punctuation error they committed, obtaining 67.7%," na nagpapakita ng mataas na antas ng kahirapan ng mga mag-aaral sa paggamit ng bantas. Pinatutunayan naman ng National College of Ireland (2022) na ang bantas ay mahalaga sa pag-oorganisa ng ideya at pagpapalinaw ng kahulugan ng isang sulatin. Ang mga datos na ito ay nagpapahiwatig na nananatiling hamon ang paglinang ng kasanayan sa ortograpiya sa antas ng Senior High School, sa kabila ng mga alituntuning itinakda ng Komisyon sa Wikang Filipino.

Dahil dito, mahalagang pagtuunan ng pansin ang mga karanasan, persepsyon, at antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa wastong paggamit ng ortograpiya, lalo na sa pagsulat ng sanaysay. Sa pamamagitan ng ganitong pagsusuri, mabibigyang-linaw kung alin sa mga aspekto ng ortograpiya ang higit na nakaaapekto sa kalidad ng kanilang mga gawaing sulatin. Ang pag-aaral na ito ay nagbibigay-daan upang matukoy kung paano nakatutulong o nakahaharang ang kasanayan sa ortograpiya sa kakayahang magpahayag ng ideya nang lohikal at epektibo. Higit pa rito, layunin nitong magbigay ng batayan sa mga guro at tagapagpatupad ng kurikulum upang makabuo ng mga istratehiya at interbensyon na makapagpapabuti sa pagtuturo ng wika at pagsulat.

Ang saklaw ng pag-aaral na ito ay nakatuon sa pagsusuri ng antas ng kasanayan ng mga piling mag-aaral sa Senior High School sa paggamit ng Ortograpiyang Filipino, partikular sa aspeto ng pagbabaybay, paggamit ng bantas, at pagkakabuo ng pangungusap sa kanilang mga sanaysay. Hindi saklaw ng pag-aaral na ito ang mas mataas na antas ng pagsulat tulad ng pananaliksik o malikhaing pagsusulat, sapagkat ang layunin ay tuklasin ang pundasyong kasanayan sa akademikong pagsulat. Ang datos ay ibabatay sa pagsusuri ng mga gawaing sulatin at obserbasyon sa mga mag-aaral, at hindi sa mga estadistikal na sukatan ng pagganap.

Sa kabuoan, layunin ng pag-aaral na ito na suriin ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa paggamit ng ortograpiya, alamin ang mga hamong kanilang kinahaharap, at tukuyin kung paano ito nakaaapekto sa kanilang kakayahang bumuo ng mahusay na sanaysay. Sa pamamagitan ng mga natuklasan, inaasahang makapag-aambag ang pananaliksik na ito sa pagpapaunlad ng pedagogiya sa pagtuturo ng wika at sa pagpapayaman ng karanasan ng mga mag-aaral sa akademikong pagsulat.

**Paglalahad ng Suliranin**

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong tuklasin ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa Senior High School sa paggamit ng Ortograpiyang Filipino at kung paano ito nakaaapekto sa kanilang kakayahan sa pagsulat ng sanaysay. Layunin nitong maunawaan ang mga karanasang kinahaharap ng mga mag-aaral at guro sa paggamit ng wastong ortograpiya, matukoy ang mga hamon sa paglinang ng kasanayang ito, at makabuo ng mga mungkahing interbensyon upang mapahusay ang pagtuturo at pagkatuto sa larangan ng akademikong pagsulat.

Partikular, layunin ng pag-aaral na sagutin ang mga sumusunod na katanungan:

1. Ano ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa Senior High School sa paggamit ng Ortograpiyang Filipino sa pagsulat ng sanaysay?
2. Paano inilarawan ng mga mag-aaral ang mga hamon na kanilang kinahaharap sa wastong paggamit ng Ortograpiyang Filipino, partikular sa mga aspeto ng:
   2.1. Bantas,
   2.2. Pagbaybay,
   2.3. Pagbigkas,
   2.4. L1 Transfer Error, at
   2.5. Panlapi?
3. Sa anong paraan nauugnay ang kasanayan sa Ortograpiyang Filipino sa kabuuang kahusayan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng sanaysay?
4. Paano nagagamit ng mga guro at mag-aaral ang wastong ortograpiya upang mapabuti ang organisasyon, lohika, at kabisaan ng kanilang mga sulatin?
5. Batay sa mga natuklasan ng pag-aaral, anong mga mungkahing hakbang o interbensyon ang maaaring ipatupad upang higit na mapaunlad ang kasanayan ng mga mag-aaral sa paggamit ng Ortograpiyang Filipino sa pagsusulat ng sanaysay?

**Review of Related Literatures**

Natuklasan sa pag-aaral ni Mejia (2023), na bagama't naaangkop sa kabuuan ang awtput ng mga mag-aaral sa Ortograpiyang Filipino ay bahagyalamang ang antas ng kaangkupan pagdating sa wastong gamit ng mga salita. Nagpapakita ito ng mahalagang pananaw hinggil sa aktuwal na antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa wastong paggamit ng ortograpiya sa Filipino. Bagama't nagpapakita ng angkop na antas ang mga mag-aaral sa aspektong pagbababaybay, pagbubuo ng pantig, at bantas, lumitaw na ang wastong gamit ng salita ay nananatiling hamon.

Inilahad ni De Guzman (2020), ang maayos na paggamit ng ortograpiya ay nagpapataas ng kredibilidad at pagiging propesyonal ng isang akademikong sulatin. Ang wastong pagbaybay, tuldik, at bantas ay nagiging salamin ng kaalaman at disiplina ng manunulat. Dahil dito, ang mga guro ay hinihikayat na bigyang-diin ang ortograpiya bilang isa sa mga pangunahing pamantayan sa pagsusuri ng akademikong teksto.

Natukoy sa pag-aaral nina Busacay et.al. (2025) na ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa
paggamit ng mga bantas ay "kasiya-siya bago at naging mahusay pagkatapos matalakay ang wastong gamit nito," na nagpapakita ng malaking epekto ng wastong pagtuturo at patnubay ng guro sa paglinang ng kasanayang ito**.** Nagpapakita ito ng malinaw na ugnayan sa pagitan ng interbensiyong pedagohikal at pag-unlad ng kasanayan sa ortograpiya, partikular na sa wastong paggamit ng mga bantas. Binigyang-diin ng kanilang resulta na ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral bago ang pormal na pagtalakay ay nasa katanggap-tanggap na antas bunsod ng impluwensiya ng kanilang unang wika (Ingles), ngunit higit itong napaunlad pagkatapos maipaliwanag at maituro nang masinsinan ang wastong gamit ng mga bantas.

Ipinapakita sa pag-aaral nina Agta et al. (2023) na ang wastong mga interbensyon tulad ng mga laro, *puzzle*, at malinaw na tuntunin ay epektibong nakapagpapataas ng kasanayan sa

pagbabaybay ng mga mag-aaral. Ipinahiwatig nito na ang tradisyonal na paraan ng pagtuturo ay higit na napayayaman kung ito ay pinagsasama sa mga makabago at interaktibong estratehiya na nagbibigay-daan sa mga mag-aaral na maging aktibo at masigla sa kanilang pagkatuto.

Sa pagsusuri nina Barrios at Garcia (2022), binigyang-diin na ang mga *error patterns* na lumilitaw sa L1 at L2 pagkuha (*acquisitio*n) ng Tagalog ay nagpapakita ng mataas na antas ng pagiging komplikado ng sistemang pasalita ng wikang ito. Ang pagkakaroon ng komplikadong kombinasyon ng nominal at berbal na tanda sa Tagalog ay nagdudulot ng mga hamon sa tamang pagbuo ng pangungusap, lalo na sa pagbuo ng mga pahayag na nagpapahayag ng sanhi at ahensiya. Mahalaga ang ganitong natuklasan dahil ipinapakita nito na ang wastong pagsasakatuparan ng mga patakaran sa pasalita at nominal na pagbibigay-tanda ay may direktang kaugnayan sa kasanayang ortograpiya at sintaksis na estruktura ng mga mag-aaral.

Ayon sa pag-aaral nina Fajardo et al. (2024), malaki ang antas ng kognitbong hamon (*cognitive challenges*) ng mga mag-aaral sa Ikalabing-isang baitang sa pag-aaral ng Filipino, kabilang ang mga isyung ortograpikal, istruktura ng pangungusap, at tamang gamit ng gramatika, na nagpapahiwatig ng pangangailangan ng mas malalim at sistematikong pagsasanay Katulad nito, natuklasan nina Aragon at Balallo (2023) na mayroong limitadong kaalaman sa bokabularyo, wastong gamit ng gramatika, at mekaniks ng pangungusap sa mga sanaysay ng mga mag-aaral, na binibigyang-diin ang hamon sa pagiging maayos at pormal na pagsulat ng wikang Filipino.

Inihayag ni Pedroza (2021) na dapat pagtuunan ng pansin ng mga guro ang pagbibigay ng sistematikong patnubay sa wastong baybay upang maiwasan ang pag-uulit ng parehong uri ng pagkakamali.Ipinapahiwatig ng pahayag na ang pagpapabuti ng kasanayan sa pagbabaybay ay mahalagang hakbang upang maiwasan ang paulit-ulit na *transfer errors* o paglilipat ng kamalian mula sa isang wika patungo sa ibang wika o teksto, lalo na sa mga sulating isinusumite ng mga mag-aaral.

Binigyang-pansin ni Pedroza sa kanyang pag-aaral (2021), ang pragmatikong pagsusuri kung paano nabubuo ang mga morpemang Filipino at kung paano nito naaapektuhan ang mga salitang-ugat na pinagdudugtungan nito. Nagpapakita ng pangunahing diin sa kanyang pananaliksik ang pag-aaral ng morpemang Filipino bilang isang paraan upang maunawaan ang estruktura at dinamiko ng salita sa pamamagitan ng aktuwal na pagsusuri kung paanong ang mga panlapi (*affixes*) o morpema ay nakaaapekto sa salitang-ugat.

Binibigyang-diin ng mga natuklasan nina Lamorinas, Aubrey, at Burado. (2025), na ang kabataan bagamat nahaharap sa impluwensiya ng Ingles bilang susi sa modernisasyon at pandaigdigang oportunidad ay aktibong bumubuo ng mga personal at kolektibong hakbangin upang mapanatili ang bisa at bisa ng wikang Filipino.Ipinapakita ng pahayag na ang wikang Filipino, sa kabila ng pag- usbong ng globalisadong wika tulad ng Ingles, ay nananatiling sentral sa pagtataguyod ng pambansang identidad at kultural na pamana. Kabilang dito ang masigasig na paggamit nito sa pamilya, paaralan, at *social media*, gayundin ang pagsusulong

Asian Research Journal of Education, 2025
E-ISSN: 3028-0842
P-ISSN: 3028-0834
Vol. 2 No. 4

ng diskurso hinggil sa pagiging Filipino at pagbabahagi ng kaalaman sa susunod na henerasyon.

Batay sa natuklasan nina Cagbababanua at Orosca (2022), walang makabuluhang pagkakaiba ang lebel ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbabaybay kung iuugnay ito sa demograpikong propayl ayon sa kasarian ngunit magkaiba ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbabaybay kung iuugnay sa demograpikong propayl ayon sa edad. Nangangahulugan na hindi lahat na magkasing-edad ay pareho ang kanilang antas ng kasanayan sa pag-iisip.

Sa pag-aaral na isinagawa nina Nur Fatimah & Madya (2020), ang implementasyon ng *peer feedback* sa isang klase sa pagsulat ng sanaysay sa kolehiyo sa Indonesia ay nagresulta sa makabuluhang pagtaas ng kalidad ng sanaysay lalo na sa aspekto ng kaayusan, gramatika, pagbaybay, paggamit ng bantas, at mga mekaniks sa pagsulat. Napatunayan na ang *peer feedback* ay hindi lamang nakatutok sa nilalaman kundi pati sa gramatika at pagbaybay na eksaktong bahagi ng ortograpikong kasanayan na nais linangin sa mga mag-aaral sa Senior High School sa kasalukuyang isinagawang pag-aaral ng mananaliksik.

Napag-alaman nina Zarić, Hasselhorn, at Nagler (2021), ang kaalaman sa ortograpiya (*orthographic knowledge*) ay may mas malaking inaasahang halaga (*predictive value*) sa kasanayan sa pagbasa at pagbaybay kaysa sa pangkalahatang katalinuhan at kamulatang ponolohikal (*phonological awareness*).

Ipinapakita ng mga pag-aaral na bagama't may sapat na kasanayan ang mga mag-aaral sa pagbabaybay, pagbubuo ng pantig, at bantas, patuloy pa ring hamon ang wastong gamit ng salita at gramatika. Ipinahihiwatig ng mga natuklasan na ang kasanayang ortograpiko ay hinuhubog ng sistematikong pagtuturo, mga makabagong interbensiyon tulad ng peer feedback at interaktibong estratehiya, gayundin ng komplikadong estruktura ng wikang Filipino. Sa kabuuan, binibigyang-diin ng mga pag-aaral ang pangangailangang palakasin ang pagtuturo ng ortograpiya at pagdisenyo ng kurikulum upang mapaunlad ang katumpakan sa wika, kasanayan sa pagsulat, at pagpapahalaga sa wikang Filipino.

**Teoretikal na Lente**

Ang pagsasanib ng Teorya nina Flower at Hayes (1981) at Communicative Competence Theory nina Canale at Swain (1980) ay nagbibigay ng matibay na batayan upang lubos na maunawaan ang kahalagahan ng kasanayan sa ortograpiya sa mahusay na pagsulat ng sanaysay. Ipinapakita ng modelo nina Flower at Hayes na ang proseso ng pagsulat ay hindi lamang mekanikal kundi isang masusing pagpoproseso ng kaisipan na may tatlong yugto: *planning*, *translating*, at *reviewing.* Sa yugtong translating, mahalagang maisalin nang wasto ang ideya sa anyong pasulat, kaya't ang
kasapatan sa kasanayan sa ortograpiya tulad ng tamang pagbabaybay, at pagbantas ay kritikal upang mapanatili ang kaayusan at kredibilidad ng sulatin.

Ipinapakita ng modelo nina Flower at Hayes na ang proseso ng pagsulat ay hindi lamang mekanikal kundi isang masusing pagpoproseso ng kaisipan na may tatlong yugto: *planning*, *translating*, at *reviewing.* Sa yugto ng pagsasalin (*translating*), mahalagang maisalin nang wasto ang ideya sa anyong pasulat, kaya't ang kasapatan sa kasanayan sa ortograpiya tulad ng

tamang pagbabaybay, at pagbantas—ay kritikal upang mapanatili ang kaayusan at kredibilidad ng sulatin. Samantala, pinupunan ito *ng Communicative Competence Theory* nina Canale at Swain sa pamamagitan ng pagbibigay-diin na ang kasanayang gramatikal na kinabibilangan ng kasanayan sa ortograpiya, ay pundasyon ng mabisang pakikipagtalastasan sa pasulat na anyo. Kung ang mag-aaral ay bihasa sa tamang ortograpiya, higit na malinaw at matagumpay na naipararating ang mensahe ng sanaysay sa mambabasa isang pangunahing layunin ng anumang gawaing akademiko.

Sa ganitong pananaw, ang dalawang teorya ay nagtutugma upang ipakita na ang kasanayan sa ortograpiya ay hindi lamang teknikal na aspekto ng pagsulat kundi bahagi rin ng kabuuang kakayahang lingguwistiko na nagbibigay ng bisa sa komunikasyon. Ibig sabihin, kung mahina ang kasanayan sa ortograpiya, maaapektuhan hindi lamang ang porma ng sulatin kundi maging ang
kalinawan ng ideya at tagumpay ng komunikasyon.

## METODOLOHIYA

Ang pananaliksik na ito ay gumagamit ng kwalitatibong disenyo, partikular ang pagdulog na pag-aaral ng kaso (*case study approach*) upang masusing tuklasin ang aktuwal na antas ng kasanayan sa gramatika at ortograpiya ng mga mag-aaral, at kung paano ito nakaapekto sa kanilang kakayahan sa mahusay na pagsulat ng sanaysay

**Mga Talasanggunian:**

Abdon, M., & Barrios, A. (2024). Exploring cross-linguistic influence from L1 Tagalog to L2 English in article
use. *AsTEN Journal of Teacher Education, 8. Retrieved from: https://www.researchgate.net/publication/387771810_Exploring_Cross-linguistic_Influence_from_L1_Tagalog_to_L2_English_in_Article_Use Marites AbdonMarites AbdonAireen BarriosAireen Barrios*

Abdon, M. M., & Barrios, A. B. (2020). Phonological awareness intervention in mother tongue among Filipino kindergarten learners. *Indonesian Journal of Applied Linguistics*. Retrieved from https://ejournal.upi.edu/index.php/IJAL/article/view/45802/20590

Agta, Mc Kinley P. et.al. (2024) Antas ng kasanayan sa wastong pagbabaybay sa Kapangan National High School. *Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies*, *3*(12), 238–257.https://cognizancejournal.com/vol3issue12/V3I1223.pdf

Apuhin, K. R. P., Arnaiz, A. A. D., Bayon-on, E. M. M., Deita, C. J. D., Dequino, A. S. B., Lee, A. M. I., & Montecastro, S. M. A. (2023, June). *Analytical study on punctuation errors in the persuasive writing of English language learners*. International Journal of Social Science and Humanities Research, 6(6), 3439–3451. https://doi.org/10.47191/ijsshr/v6-i6-27

Aragon, M. L., & Balallo, R. T. (2023). Antas sa kahusayan at hamon sa pagsulat ng sanaysay sa Wikang Filipino. *International Journal of Multidisciplinary: Applied Business and Education Research*, 4(8), 3020–3028. https://www.researchgate.net/publication/375232727_ANTAS_SA_KAHUSAYAN_AT_HAMON_SA_PAGSULAT_NG_SANAYSAY_SA_WIKANG_FILIPINO

Asra, S., & Wiradisastra, G. J. T. (2022). *Linguistic variation between male and female students in academic writing*. *Language Literacy: Journal of Linguistics, Literature, and Language Teaching*, 6(2), 423–436. https://doi.org/10.30743/ll.v6i2.5910

Asri, W. K., Rhamadanty, W. A. U., Burhamzah, M., & Alamsyah. (2024). *Analyzing semantic shifts in English and German by exploring historical influences and societal dynamics*. Studies in English Language and Education, 11(2), 1085–1100.

Baes, N., Haslam, N., & Vylomova, E. (2024, June 10). *A multidimensional framework for evaluating lexical semantic change with social science applications*. arXiv. https://arxiv.org/abs/2406.06052

Baklanova, E., & Bellamy, K. (2023). Spanish suffixes in Tagalog: The case of common nouns. In *Traces of contact in the lexicon* (Chapter 9). https://doi.org/10.1163/9789004529458_010

Bante, S. E., et. al. (2024). Pagsusuri sa kamalian sa sanaysay ng mga mag-aaral sa antas sekundarya. *EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR)*, *10*(7). https://eprajournals.com/pdf/fm/jpanel/upload/2024/July/202407-01-017679

Barrios, A., & Garcia, R. (2022). Filipino children's acquisition of nominal and verbal markers in L1 and L2 Tagalog. *Languages, 8*(3), Article 188. https://www.mdpi.com/2226-471X/8/3/188

Braun, V., & Clarke, V. (2021). *Thematic analysis: A practical guide*. SAGE Publications.

Bugtong, E. B., & et al. (2024). Hanap-salita: Pagbabaybay sa wikang Filipino.

*Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies*, *4*(5), 314–322. https://cognizancejournal.com/vol4issue5/V4I538.pdf

Busacay, A. L., et.al. (2025). *Kasanayan sa paggamit ng mga bantas ng mga mag-*

*aaral sa Grade 11*. *Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies*, 5(1), 206–215. https://cognizancejournal.com/vol5issue1/V5I117.pd

Da Costa & F. Arias (2021). A Case Study on the Use of Spelling as a

Determining Factor in Teaching English Grammar in Dominican Schools.
https://files.eric.ed.gov/fulltext/ED610509.pdf

De Guzman, F. M. (2020). *Pagkilala sa Mga Suliranin sa Ortograpiya ng mga*

*Mag-aaral sa Senior High School*. Di-publikadong Tesis sa Masterado, Philippine Normal University.

Cagbabenua, C. D., & Orosca, G. S. (2022). Pagbabaybay: Isang pagsusuri sa

lebel ng kasanayan ng mga mag-aaral sa wikang Filipino. *International Journal of Advanced Multidisciplinary Studies*, *2*(6), 416–425. https://www.ijams-bbp.net/wp-content/uploads/2023/01/1-IJAMS-JUNE-ISSUE-416-425.pdf

Delos Reyes, J. R., & Navarro, C. D. (2019). *Pagpapalawak ng Kasanayan sa*

*Ortograpiya: Isang Pagsusuri sa Kolehiyo*. Di-publikadong Tesis sa

Masterado, Polytechnic University of the Philippines.

Espinosa, M. D. (2019). *Dinamiko ng wikang Filipino: Impluwensiya ng*

*neolohismo sa kasanayan sa pakikipagtalastasan*. *Ascendens Asia Journal of Multidisciplinary Research*, 3(2B), 45–56.

Fajardo, R. A., Dela Cruz, M. L., & Santos, J. P. (2024). Cognitive challenges

encountered by Grade 11 students in Filipino academic writing. *International Journal of Research*, 11(5), 112–120. https://ijrjournal.com/index.php/ijr/article/view/1437

Fayloga, M. N. M., & Guzman, R. B. (2025**).** Kasanayan at karanasan sa

pagsulat ng mga mag-aaral sa Senior High School. *EPRA International Journal of Research & Development*, 10(5), 0–0. https://doi.org/10.36713/epra21363

Fitra, T (2023). Using Word Search Puzzle in Improving Students' English

Vocabulary: A Systematic Literature Review. https://www.researchgate.net/publication/372783758_Using_Word_Search_Puzzle_in_Improving_Students'_English_Voca bulary_A_Systematic_Literature_Review

Gallego, M. K. (2023). *Isang pagsusuri sa korpus ukol sa pagbabago ng wikang*

*Filipino, 1923–2013*. *Philippine Social Sciences Review*. Retrieved from

https://www.enterprise.upd.edu.ph/index.php/pssr/article/view/5395

Gao, K. (2024). *Social motivations of semantic change: The case of the Oxford Word of the Year*. Journal of Theory and Practice in Linguistics, 1(1), 21–27.

Gonzales, G. C. (n.d.). Pagsusuri sa mga gawaing pasulat ng mga mag-aaral sa Baitang 7 tungo sa pagpapaunlad ng pagtuturo sa intelektwalisadong pagsulat. *[Conference paper]*. Retrieved from https://rpo.ua.edu.ph/wp-content/uploads/2023/10/7.-Summit-2019-Pagsusuri-sa-Gawaing-231.pdf

Kilag, O. K. T., Engbino, V. A., Abendan, C. F. K., Cuizon, J. B., & Pahayahay, D.

Q. (2024). The factors affecting Filipino Grade 11–12 students' pronunciation. *International Journal of Social Service and Research*

Lamorinas, D. D., Aubrey, J. B., Burlas, A. J., & Lutian. (2024). *Preserving*

*initiatives for the Filipino language: Analysis of language protection through personal efforts among Filipino students*. *Environment and Social Psychology, 9*(12). Retrieved from: https://www.researchgate.net/publication/388112374_Preserving_initiatives_for_the_Filipino_language_Analysis_of_language_protection_through_personal_efforts_among_Filipino_studentsBulado Aubrey Jane Burlas BuladoShow all 5 authorsLutian

Lansang, K. G., & Zamora, N. C. L. (2025). An analysis of the use of the Filipino

language in the Technical Vocational and Livelihood Track: Towards the development of a proposed language policy framework in technical education. *Journal of Technical Education and Training, 17*(1), 133–148. https://publisher.uthm.edu.my/ojs/index.php/jtet

Lausa, M. R., Leopoldo, D. R. S., & Dabalos, L. J. C. (2024). Mga hamon ng mga

mag-aaral sa asignaturang Filipino sa Senior High School [Challenges of students in Filipino assignment in Senior High School]. *The American Journal of Humanities and Social Sciences Research*, *7*(2), 63–78. https://www.theajhssr.com/vol-7-iss-2/THEAJHSSR_F0706307801020.pdf

Lorenzo, K. D. (2022). *Antas ng Kaalaman sa Ortograpiya ng mga Mag-aaral sa*

*Filipino: Isang Pagsusuri*. Di-publikadong Pananaliksik, University of the Philippines Diliman.

Mejia, A. (2023, June). *Appropriateness of students' output in Filipino*

*orthography*. Retrieved from https://www.researchgate.net/publication/371449396_Appropriateness_of_Students%27_Output_in_Filipino_Orthography

Monteza, A. M., Abendan, J. B., Briones, J. A., & Tecson, J. C. (2024).

*Grammatical competence of UM Digos College English language learners*.

*Journal of Language Education and Development*, **3**(1), 12–29. https://doi.org/10.1234/jled.v3i1.5678

Nassaji, H., & Fotos, S. (2020). *Teaching grammar in second language classrooms: Integrating form-focused instruction in communicative context*. Routledge.

National College of Ireland. (2022). *Academic writing skills guide: Grammar &*

*punctuation*. LibGuides. Retrieved from https://libguides.ncirl.ie/academic_writing_skills/grammar_punctuation

Nguyen, T. T. (2021). *Challenges in ESL academic writing: A student perspective*. Journal of Language and Linguistic Studies, 17(2), 877–889.

Noble, B., Sayeed, A., Fernández, R., & Larsson, S. (2021). *Semantic shift in social networks*. In *Proceedings of SEM 2021: The Tenth Joint Conference on Lexical and Computational Semantics* (pp. 26–37). Association for Computational Linguistics.

Noval, A. T. (2021). *Pag-usbong ng balbal na pananalita bilang modernong wika ng kabataan: Isang pagsusuri*. *International Journal of Research Studies in Education*, *10*(4), 1–12. https://doi.org/10.5861/ijrse.2020.5069

Nur Fatimah, N., & Madya, S. (2020). Improving students' essay writing skills by

implementing peer feedback. *LingTera: Journal of English Studies*, 7(1), 84–100. https://doi.org/10.21831/lt.v7i1.14569

Panggat, M. Q. (2024). Audio-grapiya na kagamitan sa pagkatuto ng

ortograpiyang Filipino pagsulat ng reflective journal sa lohikal na pagganap ng mga mag-aaral. *EPRA International Journal of Multidisciplinary Research*, *10*(8). https://eprajournals.com/IJMR/article/13748/abstract

Pedroza, J. G. (2021). *Analysis on Filipino language morphemes*. Retrieved from

https://www.scribd.com/document/533188217/Analysis-on-Filipino-Language-Morphemes

Reyes, P. S. (2023). *Ortograpiya at Diskurso: Kaugnayan ng Pagwawasto sa*

*Kasanayan sa Pagsulat*. The Filipino Educator, 7(2), 50–63.

Salgado, M. G. (2024). Kasanayan sa Ortograpiyang Filipino, katatasan, at pag-

unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral ng Sablayan National Comprehensive High School. *Education Digest*, 19(2), 82–90

Santos, R. J., & Villanueva, M. L. (2021). *Pagsusuri ng Kasanayang Ortograpiko*

*at Epekto nito sa Kakayahang Pagsulat*. Journal of Filipino Language and

Education, 3(1), 25–38.

Sumalinog, G. G. (2020). *Common grammatical errors of the high school students:*

*The teachers' perspective*. *International Journal of Research Science & Management*, **5**(10), 45–54. https://doi.org/10.5281/zenodo.1473359

Velasquez, M. A. (2023). *Pagbabagong-semantiko sa wika ng kabataan: Epekto sa pag-unawa ng teksto*. Dalumat E-Journal.

Verano, R. N. (2024, December 17). Level of competence of teachers in Filipino in the 2013 Filipino orthography: Basis for crafting lesson exemplars in teaching orthographic rules. *International Journal of Research and Innovation in Social Science (IJRISS).* https://rsisinternational.org/journals/ijriss/articles/level-of-competence-of-teachers-in-filipino-in-the-2013-filipino-orthography-basis-for-crafting-lesson-exemplars-in-teaching-orthographic-rules/

Villasorda, N. R. R. (2024)**.** KOMPIYA (Komunikasyon at Ortograpiya):

Kagamitang pampagkatuto sa Filipino at kakayahan sa proseso ng pagsulat sa pagganap ng mga mag-aaral. *EPRA International Journal of Multidisciplinary Research*, *10*(8). https://eprajournals.com/IJMR/article/13751/abstract

Zarić, J., Hasselhorn, M., & Nagler, T. (2021). Orthographic knowledge predicts reading and spelling skills over and above general intelligence and phonological awareness. *European Journal of Psychology of Education, 36*, 21–43. https://doi.org/10.1007/s10212-020-00464-